REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**

**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 99-114

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD, KGG. JAIME R. FRESNEDI NA KUMATAWAN SA PAMAHALAANG LUNGSOD SA PAGLAGDA SA KONTRATA (NEGOTIATED CONTRACT) SA PAGPAPAGAWA NG PROYEKTONG "DRAINAGE SYSTEM" SA CATLEYA ST., CARNATION ST., LAKEVIEW HOMES, PUTATAN, LUNGSOD NG MUNTINLUPA SA HALAGANG PITONG DAAN SIYAMNAPU'T LIMANG LIBO, ANIM NA RAAN AT DALAWAMPU'T ISANG PISO AT 12/100 (P 795,621.12).**

*************************************************************************

**Ipinanukala nina:** *Kgg. Aldrin L. San Pedro*
*Kgg. Raul R. Corro*
*Kgg. Elmer S. Espeleta*
*Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.*
*Kgg. Lucio B. Constantino*
*Kgg. Jo Jason T. Alcaraz*
*Kgg. Bal Niefes*
*Kgg. Nicanor L. Echavez, MD*
*Kgg. Victor L. Ulanday*
*Kgg. Dante S. Almario*
*Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.*
*Kgg. Mario E. Bulay, Jr.*
*Kgg. Artemio A. Simundac*
*Kgg. Allan Rey a. Camilon*

*************************************************************************

**SAPAGKAT,** ang pagpapagawa ng proyektong **"Drainage System"** sa Catleya St., Lakeview Homes, Putatan, Lungsod ng Muntinlupa ay isa sa mga pangunahing proyekto ng Pamahalaang Lungsod;

**SAPAGKAT,** noong 5 Nobyembre 1998, ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay pumasok sa isang kasunduan (Construction Agreement) sa Nikojae Construction para sa pagpapagawa ng proyekto;

**SAPAGKAT,** noong 26 Mayo 1999, ang Kgg. Jaime R. Fresnedi ay lumiham sa Kgg. Vicente Y. Chua na humihiling na siya ay mabigyan ng kapangyarihan ng Sangguniang Panlungsod upang pumasok sa isang kasunduan (supplemental contract) hinggil sa karagdagang gawain sa proyektong **"Drainage System"** na matatagpuan sa karatig na lugar katulad ng Carnation St., Aster St. at Primerose St., Lakeview Homes, Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** ang pagpapagawa ng proyekto ay kailangang-kailangan upang malunasan ang tumitinding pagbaha sa lugar;

**SAPAGKAT,** ang paggagawad ng kontrata sa pamamagitan ng negosasyon (Negotiated Contract) at hindi ng **"Supplemental Contract"** ang mas naaayon sa batas at pinahihintulutan ng "Government Auditing Rules and Regulation. Volume 1 [Section 563, a (3)]" na nagsasaad ng sumusunod:

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

> ***A. Negotiated Contract maybe entered into only where any of the following conditions exist and the implementing agency is not capable of undertaking the project by administration.***
>
> *1. xxxxx*
> *2. xxxxx*
> ***3. When the subject projects is adjacent or contiguous to an on-going project and it could be economically prosecuted by the same contractor."***

**SAPAGKAT,** ang bahagi ng kasalukuyang proyekto ay karagdagan at ang iba ay karatig/karugtong ng panukalang proyekto;

**SAPAGKAT,** ang panukalang proyekto ay may nakalaang-gugulin na halagang Pitung Daan Siyamnapu't Limang Libo, Animnaraan Dalawampu't Isang Piso, at Labindawalang Sentimo (P795,621.12) batay sa **Approved Agency Estimate (AAE)** na kukunin sa ***1999 Executive Budget, Capital Outlay-Infrastructure;***

**NGAYON DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng *Sangguniang Panlungsod* na bigyan ng kapangyarihan ang Punonglungsod, **Kgg. Jaime R. Fresnedi,** na kumatawan sa Pamahalaang Lungsod sa paglagda sa kontrata *(Negotiated Contract)* sa pagpapagawa ng proyektong **"Drainage System"** sa Catleya St. at Carnation St., Aster St. at Primerose St., Lakeview Homes, Putatan, Lungsod ng Muntinlupa sa halagang Pitong Daan Siyamnapu't Limang Libo, Animnaraan at Dalawampu't Isang Piso at 12/100 (P 795,621.12).

**PINAGTIBAY,** ng *Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*, ngayong **7 Hulyo 1999** sa ginanap na **ika-45** Regular na Sesyon.

**SINANG-AYUNAN:**

| | |
|---|---|
| **ALDRIN L. SAN PEDRO**<br>*Konsehal* | **DANTE S. ALMARIO**<br>*Konsehal* |
| **MGGL. RAUL R. CORRO**<br>*Konsehal* | **ELMER S. ESPELETA**<br>*Konsehal* |
| **MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**<br>*Konsehal* | **REYNALDO A. ABAS, Jr.**<br>*Konsehal* |

*Pahina 3*
*Kapasiyahang Panlungsod Blg. 99-114*

**Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, *Jr.***
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, *Jr.***
*Konsehal*

***Dr.* NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga
Punongbarangay

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**NECITO M. GUICO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

***Mggl.* JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* ______

*Norie*